

GRADE 2

# Leveled Reader
## in Filipino


# Ang Pagong at ang Kuneho




Kuwento ng Education Development Center (EDC)
Guhit ni Rea Diwata Mendoza



Laging ipinagmamalaki
ni Kuneho ang bilis niya
sa pagtakbo. Sawang-sawa
na si Pagong
sa pagyayabang ni Kuneho.




“Ako ang pinakamabilis tumakbo,” sabi ni Kuneho. “Wala nang bibilis pa sa akin!”



“Naku, Kuneho, wala ka nang ibang sinabi kung hindi gaano ka kabilis tumakbo,” sabi ni Pagong.

“Hinahamon kita sa isang paligsahan!”




"Hindi mo ako matatalo!" sabi ni Kuneho.

"Mas mabilis akong tumakbo!"

"Malalaman natin 'yan bukas ng umaga," sabi naman ni Pagong.




“Kapana-panabik ito!” sabi ni Buwaya.
“Kawawa naman si Pagong, ang bagal niyang gumalaw,” sabi naman ni Elepante.
“Kahit mabagal siya ay hindi naman siya tumitigil,” sabi ni Unggoy.





Kinabukasan, dumating ang lahat ng hayop para manood ng paligsahan.

“Magandang umaga, Kuneho,” bati ni Pagong. “Handa na ako. Ikaw, handa ka na ba?”

“Siyempre, handa na ako. Madali kitang matatalo,” sabi ni Kuneho.



“Isa, dalawa...takbo!” sigaw ni Elepante.
Nagsimula na ang takbuhan. pero tumigil siya para maglaro. Nahuhuli man si Pagong sa kaniya ay hindi ito tumigil sa pagtakbo.



Dahil akala niya'y marami pa siyang oras, natulog sandali si Kuneho.




Nagpatuloy sa paglakad si Pagong. Hindi siya tumigil. Lahat ng hayop ay nagdiwang nang makitang papalapit na siya sa katapusan ng paligsahan.

Nagising bigla si Kuneho.




Nagpatuloy sa paglakad si Pagong. Hindi siya tumigil. Lahat ng hayop ay nagdiwang nang makitang papalapit na siya sa katapusan ng paligsahan.

Nagising bigla si Kuneho.



Tumakbo nang mabilis na mabilis si Kuneho. Pero huli na ang lahat. Nanalo na si Pagong!

KAGAWARAN NG EDUKASYON
REPUBLIKA NG PILIPINAS

UNITED STATES AGENCY INTERNATIONAL DEVELOPMENT
USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE